# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 61*
# *Mula sa Buhay ni Jonas Yugto 3*
# *Ang pagaayuno ng mga Tao ng Nineve*

***"1 At ang salita ng Panginoon ay dumating kay Jonas na ikalawa, na nagsasabi, 2 Bumangon ka, pumaroon ka sa Ninive, sa malaking bayang yaon, at ipangaral mo ang pangaral na aking iniutos sa iyo. 3 Sa gayo'y bumangon si Jonas, at naparoon sa Ninive, ayon sa salita ng Panginoon. Ang Ninive nga ay totoong malaking bayan, na tatlong araw na lakarin. 4 At pumasok si Jonas sa bayan na may isang araw na gumagala, at siya'y sumigaw, at nagsasabi, Apat na pung araw pa at ang Ninive ay mawawasak.5 At ang bayan ng Ninive ay sumampalataya sa Dios; at sila'y nangaghayag ng ayuno, at nangagsuot ng kayong magaspang, mula sa kadakidakilaan sa kanila hanggang sa kaliitliitan sa kanila. 6 At ang mga balita ay dumating sa hari sa Ninive, at siya'y tumindig sa kaniyang luklukan, at hinubad niya ang kaniyang balabal, at nagbalot siya ng kayong magaspang, at naupo sa mga abo. 7 At kaniyang inihayag at itinanyag sa buong Ninive sa pasiya ng hari at ng kaniyang mga mahal na tao, na sinasabi, Huwag lumasa maging tao ni hayop man, bakahan ni kawan man, ng anomang bagay: huwag silang magsikain, ni magsiinom man ng tubig; 8 Kundi mangagbalot sila ng kayong magaspang, ang tao at gayon din ang hayop, at magsidaing silang mainam sa Dios: oo, talikdan ng bawa't isa ang kaniyang masamang lakad, at ang pangdadahas na nasa kanilang mga kamay. 9 Sino ang nakaaalam kung manumbalik ang Dios at magsisisi, at hihiwalay sa kaniyang mabangis na galit, upang tayo'y huwag mangamatay. 10 At nakita ng Dios ang kanilang mga gawa, na sila'y nagsihiwalay sa kanilang masamang lakad; at nagsisi ang Dios sa kasamaan, na kaniyang sinabing kaniyang gagawin sa kanila; at hindi niya ginawa." (Jonas 3:1-10 KJV)***

***"1 At ang salita ng Panginoon ay dumating kay Jonas na ikalawa, na nagsasabi, 2 Bumangon ka, pumaroon ka sa Ninive, sa malaking bayang yaon, at ipangaral mo ang pangaral na aking iniutos sa iyo." (Jonas 3:1-2 KJV)*** Dito ang Salita ng Diyos ay dumating kay Jonas sa ikalawang pagkakataon kaugnay sa misyon na ipinadala siya ng Dios sa mga tao ng Nineve. Pagkatapos ang Dios ay nagsalita sa malaking isda at iniluwa si Jonas, ***"10 At ang Panginoon ay nagsalita sa isda, at iniluwa si Jonas sa tuyong lupa." (Jonas 2:10 KJV)*** Sinalita Niya rin kay Jonas na pumunta sa Nineve. Masdan dito na ang Dios ay nagsalita muli kay Jonas tungkol sa parehong misyon nang siya ay handa nang tumalima sa Dios upang tuparin ang kanyang panata patungo sa Dios. Masdan dito na ang panahon na handa kanang tumalima sa Dios at tuparin ang iyong panata sa Kanya, sa gayon Siya ay magsasalita sa iyo at ididirekta ka sa kailangan mong gawin.

Ang ilang mga tao kanilang sasabihin na ang Dios ay hindi na nakikipagusap sa akin. Ang dahilan sa likod niyaon, sapagka't ayaw nilang tumalima sa Dios, lumakad sa Kanyang mga daan at sumunod sa Kanyang mga utos. Sa parehong paraan ang Dios ay magsasalita sayo at gagabayan ka sa kailangan mong gawin kung handang mong baguhin ang iyong mga paraan at tumalima sa Diyos.

***"2 Bumangon ka, pumaroon ka sa Ninive, sa malaking bayang yaon, at ipangaral mo ang pangaral na aking iniutos sa iyo." (Jonas 3:2 KJV)*** Hindi babaguhin ng Dios ang Kanyang isip tungkol sa Kanyang plano para kay Jonas. Kung ano ang Kanyang inuutos sa kanya upang gawin ay pareho, at Siya ay nagsalita sa kanya, sinabi niya sa kanya na gawin ang dati, na pumunta sa Nineve at ipahayag sa kanila ang inuutos ng Dios sa kanya upang ipahayag ang Kanyang Salita. Hindi babaguhin ng Dios ang Kanyang kaisipan tungkol sa misyon na ibinigay Niya sayo dahil hinaharap Niya ang iyong paguugali, at ibibigay Niya ang Kanyang Salita na pumunta sa tiyak na mga tao upang ipahayag sa kanila ang Kanyang Salita at sabihin mo ang mensahe ng Dios sa kanila.

Marami sa naglilingkod sa Dios nais nilang pilipitin ang kamay ng Dios at nais nilang gawin ang kanilang sariling kalooban, ngunit itoy hindi gagana at ang Dios ay hindi yuyuko sa kanilang maling pagnanasa at mithiin. Nang iniligtas ka ng Dios, inilaan ka ng Dios sa misyon na kailangan mong gawin para sa Kanya. Hindi mo maaring takasan ang Dios at subukang gawin ang iyong kagustuhan. Ang Salita ng Dios ay muli't muling darating sa iyo at uutusan na gawin ang pareho na sinabi Niya sa iyo. Kahit na ito'y bumilang sa iyo ng mga taon upang gawin. Ang Dios ay patuloy ka pa ring pipilitin na gawin iyon.

***"3 Sa gayo'y bumangon si Jonas, at naparoon sa Ninive, ayon sa salita ng Panginoon. Ang Ninive nga ay totoong malaking bayan, na tatlong araw na lakarin." (Jonas 3:3 KJV) "Kaya't si Jonas ay bumangon, at pumunta sa Nineve, ayon sa salita ng Panginoon,"*** Sa wakas, papuri sa Dios, si Jonas ay nakumbinsi na pumunta at talagang siya'y pumunta ayon sa salita ng Panginoon. Nais ng Dios na pumunta ka ayon sa Salita ng Panginoon, at hindi ayon sa iyong opinyon, sa iyong mga kagustuhan, o salita ng ibang tao.

***"Ang Ninive nga ay totoong malaking bayan, na tatlong araw na lakarin."*** Malaking bayan ibig sabihin malaki sa sukat at maraming nasasakupang mga tao, at yaon din at isa pang dahilan iyon kung bakit ang Dios ay may malasakit sa kanila. Ang Ninive ng panahong iyon ay mas malaki kaysa Babilonia. Sa kahit anumang bayan ka nakatira inilagay ka ng Dios doon upang magtiis sa pagbibigay o pagdadala ng Kanyang Salita sa mga taong nakapaligid sayo. Ang Nineve ay tatlong araw na paglalakbay, ibig sabihin kinakailangan sa tao na lumakad ng tatlong araw upang malibot ang buong syudad at bisitahin ang mga lugar nito. Kung ang lakad ng karaniwang tao ay dalawang milya kada oras sa gayon kada araw ay humigit kumulang na 20 milya, at para sa tatlong araw 60 milya.

***"4 At pumasok si Jonas sa bayan na may isang araw na gumagala, at siya'y sumigaw, at nagsasabi, Apat na pung araw pa at ang Ninive ay mawawasak." (Jonas 3:4 KJV)*** Madali nang si Jonas ay pumasok sa bayan sinimulan niya ipahayag sa kanila ang Salita ng Dios at ang kasaklap saklap na mensahe na sinabi sa kanya upang ipahayag. ***"Apat na pung araw pa at ang Nineve ay mawawasak."*** Umiiyak si Jonas sa pagpapahayag sa mga tao tinatawag sila upang magsisi at bumalik sa Dios dahil kung hindi ang Nineve ay mawawasak. Paanong si Jonas ay naglakas ng loob upang ipahayag sa malulupit na mga Niveta, na maaring patayin siya sa tagpong iyon kung kanilang makikila siya na isang Israelita na kanilang sinakop dati, at ngayon siya ay pumunta upang sabihin sa kanila na ang

kanilang malaking bayan ay mawawasak pagkatapos ng aput na pung araw? Ang naunang kasaklap saklap at nakakatakot na karanasan ni Jonas sa loob ng tiyan ng malaking isda ay nagawang niyang mapagtanto ang kahalagan ng mensahe ng Dios sa pagdadala ng Kanyang paghatol sa mga tao sa Nineve at yaon ang nagsulong sa kanya ng higit sa pagpapahayag ng walang takot at walang pagaatubili, na umiyak sa mga tao. Ang karanasan ni Jonas sa tiyan ng malaking isda ay pagbisita sa impierno. Mayroong mga tao na dinala ng Dios sa impierno at pagkatapos niyon, ipinadala sila pabalik upang ipahayag ang kanilang nakita; at makikita mo silang nagpapahayag ng walang takot. Si Jonas ay isa sa kanila gaya ng ating babasahin,

***"1 Nang magkagayo'y nanalangin si Jonas sa Panginoon niyang Dios mula sa tiyan ng isda. 2 At kaniyang sinabi, Tinawagan ko ang Panginoon dahil sa aking pagdadalamhati, At siya'y sumagot sa akin; Mula sa tiyan ng Sheol ako'y sumigaw, At iyong dininig ang aking tinig." (Jonas 2:1-2 KJV)*** Maaaring din nasunog ang katawan ni Jonas dahil sa acido sa tiyan ng malaking isda ay nagdulot ng sunog sa kanyang balat. Sa gayon, sa malakas na boses ipinahayag niya ang mensahe ng kanyang pinagdaanan at maaring ipinakita niya sa kanila ang sunog at ang pagbabago ng kulay dahil sa epekto sa pagtatago ng pagtunaw ng balyena sa kanyang balat, upang hayaan ang mga tao hangga't maari ay marinig niya at maunawaan ang seryosong mensahe ng Dios. Sa kanyang mensahe ang mga tao ay nabigyan ng apat na pung araw upang magsisisi kung hindi ang bayan ay biglang mawawasak sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Dios. Sa parehong paraan, kapag iyong ipinahayag ang Salita ng Dios kailangang gawin mo ito ng may pagibig upang balaan ang makasalanan na ang paghatol ng Dios ay darating sa mga tumanggi sa ginawa ni Cristo sa krus at sa mga tumanggi na tumalima at sumunod sa Kanyang Salita at sa Kanyang mga paraan at Kanyang kalooban.

Si Jonas ay napakatapat sa paggawa ng gawaing iyon na nang natapos niya ang kanyang paglalakbay sa unang araw sa paligid ng bayan, nakita niya ang kanyang sarili na hindi na kailangang magpatuloy abutin ang ibang mga lugar sa susunod na araw sapagkat ang balita tungkol sa mensahe ng Dios ay umabot sa ibang bahagi ng bayan. Nais ng Dios na gawin mo ang katulad kapag ipinahayag mo ang Kanyang Salita, ng may buong paghatol na ang Kanyang paghatol ay babagsak sa mga makasalanan at sila'y matutupok ng Kanyang poot kung sila'y hindi magsisisi, pagkatapos ang mga tao mismo ang magpapakalat pa kung ano ang maabot mo.

***"5 At ang bayan ng Ninive ay sumampalataya sa Dios; at sila'y nangaghayag ng ayuno, at nangagsuot ng kayong magaspang, mula sa kadakidakilaan sa kanila hanggang sa kaliitliitan sa kanila." (Jonas 3:5 KJV)*** Kaya't ang mga tao sa Nineve ay naniniwala sa Dios: Kamangha mangha na tinanggap nila ang mensahe ni Jonas gaya ng sinalita ng Dios sa kanila. Ibinuka ni Jonas ang kanyang bibig at ang Banal na Espiritu ng Dios ay nagturo sa kanila at humatol sa kanila upang maniwala. Ito ay hindi kakaiba sa Dios na gagawin niya ang katulad sa atin. Maraming panahon ang ating takot ang humaharang sa atin upang makita na ang Dios ay maaring ding gumawa ng malaking bagay sa paghatol sa mga makasalanan at dalhin sila sa Kanya. Binanggit ni Apostol Pablo ang kagaya tungkol sa mga taga Tesalonica kung paano nilang tinanggap ang kanyang pagpapahayag ng may dakilang kapangyarihan ng Banal na Espiritu, ***"4 Yamang aming nalalaman, mga kapatid na minamahal ng Dios, ang pagkahirang sa inyo, 5 Kung paanong ang aming evangelio ay hindi dumating sa inyo sa salita lamang, kundi sa kapangyarihan din naman, at sa Espiritu Santo, at sa lubos na katiwasayan; na gaya ng inyong nalalaman kung anong pagkatao namin ang aming ipinakita sa inyo dahil sa inyo. 6 At kayo'y nagsitulad sa amin, at sa Panginoon, nang inyong tanggapin ang salita sa malaking kapighatian, na may katuwaan sa Espiritu Santo; 7 Ano pa't kayo'y naging uliran ng lahat ng nanganganampalatayang nangasa Macedonia at nangasa Acaya." (1 Tesalonica 1:4-7 KJV)*** at gaya ng Salita ng Dios at hindi ng salita ng mga tao, ***"13 At dahil naman dito kami ay nangagpapasalamat na walang patid sa Dios, na nang inyong tanggapin sa amin ang salita na ipinangaral, sa makatuwid baga'y ang salita ng Dios, ay inyong tinanggap na hindi gaya ng salita ng mga tao, kundi, ayon sa katotohanan, na salita ng Dios, na gumagawa naman sa inyo na nagsisisampalataya." (1 Tesalonica 2:13 KJV)***

***"at nagpahayag ng pagaayuno, at nagsuot ng sako, mula sa pinakatanyag sa kanila hanggang sa pinakamababa sa kanila."*** Ngayon ang pagaayuno, pagsusuot ng sako ay kilala sa Judio sa bayan ng Dios na kanilang ginagawa iyon sa pagtugon sa pagsisisi at pagbabalik sa Dios. Ngunit paanong ang mga tao ng Nineve ay ginawa yaon? malamang kanilang nalaman ito mula sa nakaraang pagsalakay sa lupain ng mga Israelita. O posibleng, ipinaliwanag ni Jonas iyon sa kanila o narinig ito mula sa kanya habang siya'y nagpapahayag, o maaring sinabi niya sa kanila kung paanong siyay nagayuno ng tatlong araw sa tiyan ng malaking isda, paanong siya ay nagsisi at kung paanong dininig ng Dios ang kanyang mga panalangin at iniligtas siya.

Ang mensahe na ipinahayag ni Joans sa kanila ay nagdulot ng pagbagsak ng takot sa kanila. Samakatuwid kailangan natin na kapag tayo'y nagpahayag ay hindi upang kumbinsihin ang mga tao kundi sumunod ng ganap sa Dios na siya ang maaring magpabago ng isip at ng saloobin ng mga tao at hatulan sila na magsisi at matakot sa Kanya at mabago.

***"mula sa pinakatanyag sa kanila hanggang sa pinakamababa sa kanila."*** Silang lahat ay sumunod sa pagaayuno at nagsuot ng sako ***"6 At ang mga balita ay dumating sa hari sa Ninive, at siya'y tumindig sa kaniyang luklukan, at hinubad niya ang kaniyang balabal, at nagbalot siya ng kayong magaspang, at naupo sa mga abo." (Jonas 3:6 KJV)*** Kaya't dito ang utos ng pagaayuno at pagsusuot ng sako ay nagmula sa pinakamataas na namamahala sa Nineve, mula sa hari, at sino ang makakaisip na ang hari ang unang gagawa, na siya'y nagsisi at nagutos sa buong syudad upang gawin ang ganoon gaya ng ating babasahin dito, ***"7 At kaniyang inihayag at itinanyag sa buong Ninive sa pasiya ng hari at ng kaniyang mga mahal na tao, na sinasabi, Huwag lumasa maging tao ni hayop man, bakahan ni kawan man, ng anomang bagay: huwag silang magsikain, ni magsiinom man ng tubig; 8 Kundi mangagbalot sila ng kayong magaspang, ang tao at gayon din ang hayop, at magsidaing silang mainam sa Dios: oo, talikdan ng bawa't isa ang kaniyang masamang lakad, at ang pangdadahas na nasa kanilang mga kamay." (Jonas 3:7-8 KJV)***

Paanong ang hari ay narinig si Jonas at ang kanyang mensahe? Malamang mula sa mga tao na nakarinig ng mensahe. Maaring si Jonas ay nagpaliwanag sa mga tumugon na kanyang pagpapahayag kung paanong siya ay kinain ng malaking isda nang siya ay sumuway sa Dios

at tumakbo sa Tarsis. Maaring ang kwento ni Jonas ay nagdala ng higit na takot sa kanila mula sa Dios, kaya lalo silang naging masigasig na ipalaganap ang mensahe at ito'y umabot sa kanilang hari. Alam nila siguro na si Jonas ay darating sa kanila mula sa parehong lugar na kanilang sinakop at winasak taon na ang nakalipas at yaon ang gagawin ng Dios upang wasakin ang syudad ng ginawa nila kung sila ay hindi magsisisi, na nagawa sa kanila na matakot. Tingnan dito, ang iyong kaaway dapat wala kang planong saktan siya, ngunit gawin ang iyong pinakamabuti upang ihayag sa kanya ang Salita ng Dios. Ang Nineve sa panahong iyon ay mas malaki kaysa sa Babilonia, ngunit si Jonas ay nagiisang pumasok sa Nineve ng isang araw ng walang anumang sundalo o sandata kundi ang mabuting balita ng Dios at ang Kanyang kaligtasan. Sa gayon tayo din, kailangan nating gawin ang katulad, pagabot sa ating mga kaaway ng Mabuting Balita ni Jesus ng may Salita ng Dios.

Ang hari nang narinig niya ang mensahe, siya'y nagsisi at sinimulan niya ang gawain at naglingkod sa Dios, ***"7 At kaniyang inihayag at itinanyag sa buong NinEve sa pasiya ng hari at ng kaniyang mga mahal na tao, na sinasabi, Huwag lumasa maging tao ni hayop man, bakahan ni kawan man, ng anomang bagay: huwag silang magsikain, ni magsiinom man ng tubig; 8 Kundi mangagbalot sila ng kayong magaspang, ang tao at gayon din ang hayop, at magsidaing silang mainam sa Dios: oo, talikdan ng bawa't isa ang kaniyang masamang lakad, at ang pangdadahas na nasa kanilang mga kamay." (Jonas 3:7-8 KJV)*** Ang hari ay naging manggagawa ng Dios. Ginamit niya ang kanyang kapangyarihan sa buong bayan upang dalhin ang katarungan ng Dios sa lahat ng mga tao at sa kanyang nasasakupan, pagtatanyag pagpapahayag ng kautusan ng pagaayuno sa lahat, sa tao at mga hayop, ni magsisikain o magsisiinom ng tubig kundi sa lahat ay magpakumbaba, mapahiya at magsuot ng sako at umiyak at manalangin ng buong lakas sa Dios hingin ang Kanyang awa, bukod pa ang hari ay nagutos sa mga tao na ang lahat sa kanila ay kailangang humiwalay sa paggawa ng masama at sa kanilang karahasan.

Ang tunay na pagaayuno ay sinamahan ng pagsisisi na nagpapakita ng kababaang loob, pagpapakita ng pagpapakumbaba, pagtalikod sa paggawa ng masama at umiwas sa karahasan na ipinapatupad natin sa paggawa ng ating sariling kalooban.

***"9 Sino ang nakaaalam kung manumbalik ang Dios at magsisisi, at hihiwalay sa kaniyang mabangis na galit, upang tayo'y huwag mangamatay." (Jonas 3:9 KJV)*** Narito ang hari ay ipinaliwanag sa kanila sa kanyang paghahayag na ang mga hakbang na ito ng pagsisisi ay maaring magdulot sa Dios na humiwalay sa kanyang matinding galit upang sila'y hindi maglaho. Siya'y nagsumamo sa awa ng Dios. ***Sinabi rin ng hari, Sino ang nakaaalam kung ang Dios ay manunumbalik at magsisi, at hihiwalay sa kanyang matinding galit, upang tayo'y hindi mangamatay,*** ibig sabihin siya na hinatulan na sila'y masasamang tao at silay nararapat sa paghatol ng Dios. Yaon ay malaking kahihiyan at nagpapakita ng dakilang kabaaang loob na ang mensahe ng Dios ay dinala sa hari.

***"10 At nakita ng Dios ang kanilang mga gawa, na sila'y nagsihiwalay sa kanilang masamang lakad; at nagsisi ang Dios sa kasamaan, na kaniyang sinabing kaniyang gagawin sa kanila; at hindi niya ginawa." (Jonas 3:10 KJV)***

At nakita ng Dios: Nang kanilang narinig ang mensahe kanilang ginawang posible upang magdala ng bunga na sinamahan ng pagsisisi gaya ng sinabi ni Juan ang Tagabautismo sa kanyang pagpapahayag, ***"8 Kayo nga'y mangagbunga ng karapatdapat sa pagsisisi:" (Mateo 3:8 KJV)*** Ang pagsisisi ay kailangan samahan ng mabuting gawa. Si Pablo nang si Jesus ay nagpakita sa kanya ay nagdulot sa kanya ng panandaliang pagkawala ng kanyang paningin at nagdulot kay Pablo na magsisi, na sa huli sumunod sa Makalangit na pangitain at umalis at ipinahayag sa mga bansa na kailangang magsisi at bumalik sa Dios at gawin ang gawain na sinamahan ng pagsisisi: ***"19 Dahil nga dito, Oh haring Agripa, hindi ako nagsuwail sa pangitain ng kalangitan: 20 Kundi nangaral akong unauna sa mga taga Damasco, at sa Jerusalem din naman, at sa buong lupain ng Judea, at gayon din sa mga Gentil, na sila'y mangagsisi at mangagbalik-loob sa Dios, na mangagsigawa ng mga gawang karapatdapat sa pagsisisi." (Mga Gawa 20:19-20 KJV)***

***At nakita ng Dios....., nang sila'y humiwalay sa kanilang masamang daan:*** Ang pagsisisi ay sinamahan ng paghiwalay sa kanilang masamang daan, na humiwalay sa pagnanakaw, pandaraya, pagsisinungaling, marahas sa iba, pagaabuso, pananamantala, immoralidad, atbp.

Kaya naman kailangan nating maging masunurin sa Makalangit na pangitain at pumunta at ipangaral ang ebanghelyo, sapagkat kapag ang mga tao'y nagsisi at tinalikdan ang kanilang masasamang daan sila'y magiging banal na mga tao, bayan ng Dios, mga taong makakatulong, mga manggagawa kasama natin sa Kanyang Kaharian.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ano ang ating matutunan sa kwento, na anumang tao ay walang awa at marahas sa puso maari silang baguhin ng Dios, sa gayon kailangan pa rin nating ipahayag ang mensahe sa kanila. Ang bayan ng Nineve ay masasamang tao, sa gayo'y sila'y nagsisi sa pagpapahayag ni Jonas. At ipinakita nila ang kanilang busilak na pagsisisi sa pagpapakumbaba at pagaayuno.

Ang Salita ng Dios ay nagtuturo sa atin ng bagong mga bagay sa bawat araw at idinederkta tayo sa kung paanong nais ng Dios na tayo'y mabuhay. At ipangako ang ating sarili sa mga layunin na ating natutunan sa mensaheng ito, upang patuloy na sumunod sa Dios at maging masunurin sa Makalangit na paanaw na kailangan nating pumunta at sabihin sa iba ang tungkol sa Kanya, magtiwala sa Kanya na babaguhin Niya ang mga tao at gagawin Niya kung ano ang ating ipinahahayag at itinuturo sa Kanyang Salita.

Tayo ay manalangin....

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios ako lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay para sa aking mga kasalanan sa krus at nabuhay mula sa patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.*

*Ipagtapat ang iyong mga kasalanan sa Panginoon. Ngayon talikuran ang lahat ng maling masamang gawain atang iyong karahasan at bumalik sa Dios at gawin ang mabuting gawain na inihanda ng Dios para sayo upang gawin.*

*Maging handa na maging masunurin sa Makalangit na pananaw at anong nais ng Dios sa iyo.*

*Panginoon aking ipinangako ko ang aking sarili sa iyong kamay upang gamitin ako sa bagong misyong gawain at larangan para sa iyong kaluwalhatian. Bigyan ako ng kalakasan, ng kapangyarihan at mga kaloob ng Banal na Espiritu upang gawin yaon.*

*Panginoon aking idinadalangin ang aking mga kapatid na nagsisi at bumalik sa iyo. Panginoon panumbalikin mo sila sa iyong mabuting plano na mayroon ka para sa kanila. Panginoon ako'y nananalangin na kanilang ipasailalim ang kanilang sarili ng ganap sa iyo at magsimulang mamunga ng bunga ng Banal na Espiritu na iyong ninanasang makita sa kanilang buhay, at yaon sila'y magiging handang pumunta at ipahayag ang iyong Salita sa mga lugar na pinapadala mo sila.*

*Panginoon aming ipinapangako ang aming sarili bilang simbahan na pumunta at gawin ang misyong gawain na nais mong gawin namin. Panginoon pusposin kami ng iyong Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na kaloob na kailangan namin sa iyong minsiterio upang yumaon at ipahayag ang mabuting balita at magebanghelyo at abutin ang nawawala at gumawa ng bagong mga disipolo. Panginoon protektahan kami at ibigay ang para sa amin at paging dapatin kaming makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.